



PATNUBAY SA MISA

31 Enero 2021

Ika-4 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

SI HESUKRISTO BILANG PROPETANG MAKAPANGYARIHAN SA SALITA AT GAWA

Tayo ay nasa Ikaapat na Linggo sa Karaniwang Panahon. Nangako ang Diyos sa pamamagitan ni Moises na magsusugo Siya ng isang Propetang makapangyarihan sa salita at gawa. Ang Panginoong Hesus ang katuparan ng pangakong ito. Suko sa kanya ang kapangyarihan ng kasamaan. Hindi mahahadlangan ang kanyang pagtupad sa balak ng kanyang Ama para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Bahagi ng balak na ito ng Diyos ang pagpupunla ng Pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas. Sa ating paghahanda sa pagdiriwang ng ika-500 taon ng ating pagiging mga Kristiyano ay maging tunay na bukas nawa ang ating mga kalooban sa pagsunod kay Hesus na siyang Propetang makapangyarihan sa salita at gawa.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoon, 'yong iligtas at tipunin kaming lahat upang aming mailahad ang papuri naming wagas sa ngalan mong sadyang tanyag.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong Propetang makapangyarihan sa salita at gawa, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Nagsasaya tayo sa dakilang kapangyarihang ipinamalas ng ating Panginoong Hesus sa kanyang pangangaral ng Mabuting Balita. Pagsisihan natin ang ating

mga pagmamatigas sa tawag ng Panginoong dakilang Propeta. (Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa paghaharing iyong itinatatag, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa tulong na iyong ibinibigay para kami'y maging mga tunay mong alagad, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo at sa aming mga kapatid sa pananampalataya, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaan sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of Patnubay sa Misa may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI — # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong kami’y makasamba sa iyo nang may loobing taimtim na totoo at kami rin nawa’y magmahal sa aming kapwa tao nang may damdaming ibinubunsod ng iyong Espiritu sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Deut 18:15-20

Ang ating sipi mula sa Aklat ng Deuteronomio ay nagpapahayag ng kadakilaan ng Diyos na nag-aalis ng takot sa puso ng mga Israelita. Kaya nangako Siya na magsusugo ng isang Propetang siyang magsasalita sa kanyang ngalan.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa mga tao: “Mula sa inyo, pipili ang Panginoon ng propetang tulad ko, siya ang inyong pakikinggan. Ito’y katugunan sa hiling ninyo sa Panginoon nang kayo’y nagkatipon sa Horeb. Ang sabi ninyo, ‘Huwag mo nang iparinig uli sa amin ang tinig ng Panginoon ni ipakita pa ang kakila-kilabot na apoy na ito pagkat tiyak na mamamatay kami.’

Sinabi naman niya sa akin, ‘Tama ang sabi nila, kaya pipili ako ng propetang tulad mo. Sa kanya ko ipasasabi ang ibig kong sabihin sa kanila.

Sinumang hindi makinig sa kanya ay mananagot sa akin. Ngunit tiyak na mamamatay ang propetang mangangahas magsalita sa pangalan ko nang hindi ko pinahihintulutan o magsalita sa pangalan ng alinmang diyus-diyusan.’”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 94

B – Panginoon’y inyong dinggin, huwag n’yo s’yang salungatin!

R. M. Velez



Pa-ngi-no- o'y in-yong ding-gin, h'wag



n'yo s'yang sa- lu- nga- tin!

* Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, siya ay awitan, ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan. Tayo ay lumapit, sa kanyang harapan na may pasalamat; siya ay purihin, ng mga awiting may tuwa at galak. **B**.

* Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap nitong Panginoon sa ati’y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, mga tupa tayong inaalaan. **B**.

* Ang kanyang salita ay ating pakinggan: “Iyang inyong puso’y huwag patigas, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa. Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang, bagamat nakita ang aking ginawang sila’ng nakinabang.” **B**.

Ikalawang Pagbasa I Cor 7: 32-35

Itinuturo ni San Pablo sa mga Kristiyano ng Corinto na ang mga alagad na walang asawa ay higit na madaling maitatalaga ang buong sarili sa Panginoon. Ang mga may-asawa ay napipilitang hatiin ang sarili dahil sa maraming alalahaning dulot ng mga pangangailangan ng kanilang mag-anak.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Ibig ko kayong malayo sa mga alalahanin sa buhay. Ang pinagsusumakitan ng lalaking walang asawa ay ang mga gawain ukol sa Panginoon, sapagkat ibig niyang maging kalugod-lugod sa Panginoon. Ngunit ang pinagsusumakitan ng lalaking may asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito, sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa. Dahil dito’y hati ang kanyang pagmamalasakit. Gayon din naman, ang pinagsisikap ng dalaga o babaing walang asawa ay ang mga bagay na ukol sa Panginoon sapagkat ibig niyang maitalaga nang lubusan ang sarili sa paglilingkod sa Panginoon. Subalit ang iniintindi ng babaing may-asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa.

Sinasabi ko ito upang tulungan kayo. Hindi ko kayo hinihigpitan; ang ibig ko’y madala kayo sa maayos na pamumuhay, at nang lubusan kayong makapaglingkod sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 2:2

B – Aleluya! Aleluya!

Bayang nasa kadiliman, sa lilim ng kamatayan ngayo’y naliliwanagan!
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 1:21-28

Sa ating Ebanghelyo ay makikita ang kapangyarihan ng salitang binibitiwan ni Hesukristo. Ngunit para ipamalas ang kanyang pagiging Propetang sugo ng Diyos ay nilakipan niya ang kanyang salita ng pagpapalayas sa masamang espiritu. Sa paraang ito ay kanyang naipahayag ang pagwawagi ng mabuti sa masama.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, si Hesus at ang mga alagad ay nagpunta sa Capernaum. Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga ay pumasok si Hesus sa sinagoga at nagturo. Namangha ang mga tao sapagkat nagturo siya sa kanila na parang isang may kapangyarihan, at hindi tulad ng mga eskriba.

Bigla namang pumasok sa sinagoga ang isang lalaking inaalihan ng masamang espiritu, at sumigaw: “Ano ang pakialam mo sa amin, Hesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang puksain kami? Kilala kita: ikaw ang Banal na mula sa Diyos!” Ngunit iniutos ni Hesus sa masamang espiritu, “Tumahimik ka! Lumabas ka sa kanya!” Pinapangisay ng masamang espiritu ang tao, at sumisigaw na lumabas.

Nanggilalas ang lahat, kaya’t sila’y nagtanungan, “Ano ito? Bagong aral? Nauutusan niya pati ang masasamang espiritu. At sinusunod naman siya!” At mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawang-tao siya lalang ng Espiritu

Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Tayo ay nagagalak sa pagsugong ng Diyos ng isang Propetang makapangyarihan sa salita at gawa. Tumalima tayo sa pangangaral ni Hesus at ating sambitin:

B–Diyos na maawain, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging masugid silang alagad na nakikinig sa turo ni Hesukristong siyang dakilang Propetang sugo ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa ating bayan, upang sa taong ito ng paggunita sa pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa ating kapuluan ay lalo nating tupdin ang mga turo ni Kristo, Propetang dakila sa salita at gawa, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maitaguyod nila nang buong tapang ang paglaban sa dilim at lungkot lalo na sa gitna ng *COVID-19 pandemic* at nang makabuo sila ng isang mapagmalasakit na lipunan, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga taong nagtalaga ng sarili sa pagpapalaganap ng Paghahari ng Diyos at naglingkod sa panahon ng *COVID-19 pandemic*, upang gantimpalaan sila ng Poong Maykapal para sa lahat ng kanilang pagsisikap, manalangin

tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang lumakas ang ating pananabik na mapaghari ang Diyos sa lahat ng sulok ng ating bayan at ng buong daigdig, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Ama naming mapagpala, isinugo Mo ang Iyong Anak bilang Propetang makapangyarihan sa salita at gawa. Puspusin Mo kami ng Banal na Espiritu at nang kami’y maging masigasig na alagad ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B**–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ang mga alay na ngayo’y aming inihahanda sa hapag na ito na iyong dambana ay iyong tanggapin at gawaran ng pagpapala upang mapagsaluhan namin ang kaligtasan mong ginawa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo IV

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B–Itinaas na namin sa Panginoon!

P–Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B–Marapat na siya ay pasalamat!

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may manguhangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya’t siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Panginoong Hesus, ang ating tagapagligtas. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang mukha mong maawi’y pasinagin mo sa amin. Kami ay iyong kupkupin at huwag mong siphayu in ang hiling nami’t dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming nagsipakinabang sa piging ng aming kinamtang kaligtasan ay humihiling na iyong bigyang kaunlaran sa pananampalatayang wagas kailanman sa tulong ng panubos na ngayo’y iyong bigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

–Pagpalain nawa kayo ng Diyos ng lahat ng kasiyahan at pagkalooban kayo ng kapayapaan sa inyong buong buhay.

B–Amen!

P–Palayain nawa kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga kalooban sa Kanyang pagmamahal.

B–Amen!

P–Pagyamanin nawa sa inyo ang Kanyang mga kaloob na

pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal, at magkaroon nawa kayo ng tamang pagpapahalaga sa Kanyang Salita.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at mabuhay sa piling ng Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!



Word & Life Publications

ANG PAGDATING NG PANANAMPALATAYANG KRISTIYANO SA PILIPINAS

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG PAGTATATAG NG MGA DIYOSISIS SA PILIPINAS

Noong ika-6 ng Pebrero 1579, itinatag ang Maynila bilang isang diyosesis ni Papa Gregorio XIII sa pamamagitan ng *Constitucion Apostolica Illius fulti praesidio*. Sakop nito ang buong kapuluan ng Pilipinas at pati na rin ang Marianas. Ito ay kaugnay noon ng Arsodiyosesis ng Mexico. Ang unang Obispo ng Maynila ay si Domingo de Salazar, O.P. Ang katedral ng Diyosesis ng Maynila na itinalaga sa Kalinisinang Paglilahi ni Maria ay itinayo sa Intramuros, Maynila.

Noong ika-14 ng Agosto 1595, sa pamamagitan ng pahayag *Super Specula Militantis Ecclesia* ni Papa Clemente VIII, ay ginawang arsodiyosesis ang Maynila, para sa Gitna at Timog Luzon. Itinatag din ang tatlong bagong diyosesis: (1) *Nueva Segovia*, para sa Hilagang Luzon; (2) *Nueva Caceres*, para sa mga lalawigan ng Bicol; (3) Cebu, para sa mga isla ng Visayas, Mindanao, at Marianas.

Ang unang Arsobispo ng Maynila ay si Ignacio Santibañez, O.F.M. Ang katedral ng Arsodiyosesis ng Maynila ay nanatili sa Intramuros, Maynila.

Ang unang Obispo ng Nueva Segovia ay si Miguel de Benavides, O.P. Ang katedral ng Diyosesis ng Nueva Segovia na itinalaga kay

Apostol San Pablo ay unang itinayo sa Lallo, Cagayan. Pagkatapos ay inilipat ito sa Lunsod ng Vigan, Ilocos Sur.

Ang unang Obispo ng Nueva Caceres ay si Luis de Maldonado, O.F.M. Ang katedral ng Diyosesis ng Nueva Caceres na itinalaga kay San Juan Evangelista ay itinayo sa Lunsod ng Naga, Camarines Sur.

Ang unang Obispo ng Cebu ay si Pedro de Agurto, O.S.A. Ang katedral ng Diyosesis ng Cebu, na itinalaga kay San Vitalis ng Milano, ay itinayo sa Lunsod ng Cebu.

Ang huling diyosesis na itinatag sa Pilipinas noong panahon ng mga Kastila ay ang Jaro. Ginawa ito ni Papa Pio IX noong ika-27 ng Mayo 1865 para sa mga isla ng Panay, Mindoro, Romblon, Palawan, at para sa mga lalawigan ng Davao, Sulu, Cotabato, at Zamboanga. Ang unang Obispo ng Jaro ay si Mariano Cuartero, O.P. Ang katedral ng Diyosesis ng Jaro na itinalaga kay Santa Isabel ng Hungaria, ay itinayo sa Jaro, Iloilo, sa isla ng Panay.

Itong limang diyosesis lamang ang siyang naging puso ng Pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas sa buong panahon ng mga Kastila. Ngayon ay 86 na ang lahat ng mga diyosesis sa Pilipinas. Ito ay patunay ng mayabong na paglago ng pananampalataya sa ating kapuluan.



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua